Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBU PROVINCE
Sudlon, Lahug, Cebu City

Pebrero 26, 2013

**Pansangay Memorandum**
**Blg. 129 , S. 2013**

**IKA-41 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO**

**Para sa:** **OIC/Assistant Schools Division Superintendents**
**Education Supervisors/Coordinators**
**District Supervisors/OICs**
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Kalakip ay liham mula sa pamunuan ng PASATAF, DepEd Advisory Blg. 43, s. 2013 at Kalatas mula sa Tagapangulo ng Commission on Higher Education na pinamagatang, **"Ika-41 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino".**

2. Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring makipag-ugnayan kay Dr. Novie O. Mangubat, Tagamasid sa Filipino sa telepono 520-3217 local 111 o 108.

3. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ARDEN D. MONISIT, Ed.D.**
**Schools Division Superintendent**

Telephone Numbers:

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent: | (032) 255-6405 |
| Asst. Schools Division Superintendent: | (032) 414-7457 |
| Accounting Section: | (032) 254-2632 |
| Disbursing Section: | (032) 255-4401 |
| Admin/Legal: | (032) 253-7847 |

Website : www.depedcebuprovince.com
E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com

PASATAF Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino

PAMUNUAN 2012-2014

LUPONG TAGAPAGPAGANAP

Dr. Carmelita C. Abdurahman
Pangulo (R-VIII)

Dr. Ramon J. De Leon
Pangkalahatang Pangalawang Pangulo (R-III)

G. Jesus B. Valencia Jr.
Pangalawang Pangulo (Luzon - NCR)

G. Romeo T. Espedion Jr.
Pangalawang Pangulo (Visayas- R VI)

Dr. Felixberto C. Labastilla
Pang. Pangulo (Mindanao- R IX)

Dr. Godfrey G. Montera
Kalihim (R-VII)

Bb. Rosie A. Martinez
Katuwang na Kalihim (KWF)

Dr. Corazon G. Genobili
Ingat-Yaman (R-II)

Hadji Mohammad Amin A. Aukasa
Tagasuri (ARMM)

Dr. Elpidia B. Bergado
Tagapagbalita (R-IVA)

LUPON NG MGA DIREKTOR

G. Luisito V. Libatique
(Rehiyon I)

Gng. Yolanda V. Serag
(Rehiyon IV-B)

Gng. Luz R. Prades
(Rehiyon V)

Gng. Felecitas Reyes-Garcesa
(Rehiyon X)

Gng. Viola S. Esparagoza
(Rehiyon XI)

G. Josevic F. Hurtada
(Rehiyon XII)

Mga Tagapayo

Dr. Marlene C. Tillah
G. Jose Laderas Santos
Mdm. Pauline "Amah" Chiong

Pebrero 18, 2013

**DR. ARDEN D. MONISIT**
Schools Division Superintendent
Department of Education RO VII
Cebu Province Division
Sudlon, Lahug, Cebu City

Mahal na Dr. Monisit:

Mainit na Pagbati!

Malugod na ipinababatid na ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng **IKA-41 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO** sa **Abril 17-20, 2013** sa **Teachers Camp, Lungsod ng Baguio.**

**Kaugnay nito, hinihiling po namin ang suporta at pag-eendorso ng inyong butihing tanggapan para sa mga Panrehiyon/Pansangay na Tagamasid, Punongguro at mga guro sa Filipino kaugnay sa pambansang seminar na ito.**

Narito po ang mga mahalagang detalye ng gawaing ito:

1) Ang paksang diwa sa taong ito ay **"PASATAF: Kaagapay sa Pagtataguyod, Pagpapalaganap at Pagpapayaman ng Wikang Filipino sa Pagsulong ng Bagong Kurikulum – K to 12".**

2) Pagkatapos ng pambansang seminar, ang mga kalahok ay inaasahang:
   a) mapaunlad ang kaalamang pangwika, pampanitikan at pananaliksik sa Filipino;
   b) matalakay ang mga kalakaran sa pagsusulong ng K to 12 kurikulum;
   c) maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang Kurikulum; at
   d) mapalawak ang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng Mother Tongue o kinagisnang wika alinsunod sa bagong kurikulum.

3) Inaasahang dadalo sa pambansang seminar na ito ang mga **panrehiyon at pansangay na Tagamasid sa Filipino; mga superbisor; punongguro; mga guro sa Filipino sa elementarya at sekondarya (publiko/pribado) sa iba't ibang panig ng bansa;** koordineytor ng Filipino; mga instruktor/propesor sa Filipino (unibersidad/kolehiyo); mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon; mga estudyante sa antas gradwado; at mga gurong nagtuturo ng signaturang ang wikang panturo ay Filipino.

4) Ang halaga ng pambansang seminar ay **tatlong libo at siyam na raang piso (Php 3,900)** para sa pagkain at akomodasyon sa tatlong gabi, seminar kit, T-shirt, handouts, bayad-kasapian, honorarya at iba pang gastusin.

5) Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

**Dr. Carmelita C. Abdurahman**
Pangulo, PASATAF
Mobile Phone Blg.: 0916-4247024
0908-1371502

**Dr. Godfrey G. Montera**
Kalihim, PASATAF
Mobile Phone Blg.: 0915-4064598
0921-3316629

E-mail Address: **pasataf@gmail.com**
Facebook: **Pasataf Filipino**

6) Kalakip nito ang mga sumusunod na dokumento para sa inyong gabay:
   a) Programa ng mga Gawain
   b) Deped Advisory No. 43, s. 2013
   c) Kalatas ng CHED
   d) Mga Tuntunin at Pamantayan ng PASATAF 2013

Pauna ang aming taos pusong pasasalamat at lakip ang pag-asang makadadalo ang inyong kaguruan sa gawaing ito.

Matapat na sumasainyo,

**DR. CARMELITA C. ABDURAHMAN**
Pangulo, PASATAF 2012-2014

DepEd ADVISORY No. 43, s. 2013
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
**January 29, 2013**

IKA-41 PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng *Ika-41 Pambansang Gawaing Kapulungan sa Filipino* na may temang *PASATAF: Kaagapay sa Pagtataguyod, Pagpapalaganap at Pagpapayaman ng Wikang Filipino sa Pagsusulong ng Bagong Kurikulum K to 12* sa Abril 17-20, 2013 sa Lungsod ng Baguio.

Ang layunin ng Gawaing-Kapulungan ay ang mga sumusunod:

1. mapaunlad ang kaalamang pangwika, pampanitikan at pananaliksik sa Filipino;
2. matalakay ang mga kalakaran sa pagsusulong ng K to 12;
3. maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang kurikulum; at
4. mapalawak ang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng *Mother Tongue* o kinagisnang wika alinsunod sa bagong kurikulum.

Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor ng PASATAF, mga kinakatawan ng kawanihan sa tanggapang sentral ng DepEd, CHED at KWF, panrehiyon at pansangay na mga tagamasid sa Filipino, mga superbisor, punongguro, mga guro sa elementarya, sekondarya at tersyarya sa mga unibersidad/kolehiyo na pang-estado at pribado at mga dating kasapi ng PASATAF, direktor ng Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF), mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at Edukasyon, mga gurong nagtuturo sa Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:


Gng. Carmelita C. Abdurahman
Pangulo, PASATAF
Mobile Phone Blg.: 0916-424-7024; 0908-137-1502

G. Godfrey G. Montera
Kalihim, PASATAF
Mobile Phone Blg.: 0915-406-4598; 0921-331-6629
Email Address: freymon@yahoo.com


R. SGG PASATAF
0088-January 24, 2013

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA** | : | **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON LAHAT NG PRESIDENTE / TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD** |
| **PAKSA** | : | **PAGLAHOK SA PAMBANSANG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO (PASATAF) NA GAGANAPIN SA ABRIL 17 HANGGANG 20, 2013 SA TEACHERS CAMP, LUNGSOD NG BAGUIO** |
| **PETSA** | : | **Ika 4 ng Desyembre 2012** |

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722* na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994,"* malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito na inorganisa ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ang suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng kumperensiyang ito.

Layunin ng Gawaing Kapulungan na ito ang mapaunlad ang kaalamang pangwika, pampanitikan at pananaliksik sa Filipino at para matalakay ang mga kalakaran sa pagsusulong ng K to 12.

Para sa karagdagang detalye, listahan ng mga panukalang aktibidad at/o iba pang katanungan patungkol sa pagdiriwang na ito, maaari kayong makipag-ugnayan sa mga telepono bilang 09164247024/09081371502/09154064598/09213316629 at sa email freymon@yahoo.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.**
Tagapangulo

12-0004_b^0004_PASATAF_Abril_17-20